




Agricultural Training Institute
INTERNATIONAL TRAINING CENTER ON PIG HUSBANDRY
ISO 9001:2015 CERTIFIED

WALANG ARAY SA

AI



**A PRACTICAL GUIDE ON
SWINE ARTIFICIAL INSEMINATION**



Agricultural Training Institute
INTERNATIONAL TRAINING CENTER ON PIG HUSBANDRY
ISO 9001:2015 CERTIFIED

ARTIFICIAL INSEMINATION O PAGSUSUMPIT

Ang “**AI o Pagsusumpit**” ay isang pamamaraan ng pagpapalahi, na kung saan ang semilya ng barako ay inilalagay sa inahin sa pamamagitan ng catheter. Ang teknolohiyang ito ay naumpisahan dito sa Pilipinas noong 1950s. Sa ngayon, marami na ang komersyal at mga “smallhold pig producers” na gumagamit ng sistemang ito ng pagpapalahi.



Anu-ano ang mga kalamangan ng “Artificial Insemination”?

1. Mas maraming inahin at dumalagang baboy ang maaaring maserbisuhan ng isang barako.
2. Makatitipid ng gastos sa kadahilanang mas kaunti ang kailangan na alagaang barako.
3. Mas makapipili ng barakong gustong gamitin sa inahin / dumalaga.
4. Nababawasan ang insidente ng pagkakaroon ng sakit sa babuyan.
5. Hindi na kailangang isaalang-alang ang laki ng barako at inahin / dumalaga.
6. Napapabilis ang pagpapalaganap ng mga katangiang hinahanap sa mga palakihiing baboy.

Anu-ano naman ang mga limitasyon ng Artificial Insemination?

1. Mangangailangan ng teknisyen na may sapat na kaalaman at kakayahan sa pagsusumpit.
2. Nangangailangan ng kaukulang kagamitan sa laboratoryo.
3. Nangangailangan ng lalagyan na may sapat na lamig (16-17 °C) upang mapanatili ang kalidad ng naiprosesong semilya.

Batay sa maraming eksperimentong ginawa sa iba't ibang bansa at sang-ayon na rin sa karanasan ng mga magbababoy, napatunayang walang gaanong kaibahan ang AI sa natural na pagkakasta. Ang dami ng biik at bahagdan ng pagbubuntis ay pareho lamang.

Mahalaga sa AI ang tamang **“oras o timing”** ng paglalagay ng semilya sa naglalanding inahin.



PAGDADALA AT PAG-IIMBAK NG SEMILYA

Ang pagdadala ng semilya mula sa binilihan nito hanggang sa babuyan ay napakahalagang aspeto ng matagumpay na inseminasyon. Ang tamang temperatura ng pag-iimbak ng semilya ay **16-17°C** upang mapanatili ang kalidad nito.

DAPAT TANDAAN!



Kapag bibili ng semilya, magdala ng lalagyan na may yelo na nakabalot sa dyaryo upang maiwasan ang pagbabago ng temperatura habang ito ay dala-dala.




Balutan din ng dyaryo ang semilya upang maiwasan ang direktang kontak sa yelo.



Iwasang maarawan at makalog ang semilya.



Iwasang ilagay sa ordinaryong refrigerator maliban kung mapapanatili ang tamang temperatura na **16-17°C**.



ANG PAGLALANDI (Heat/Estrus/Standing Heat)

Ang isang inahin o dumlaga ay masasabi nating naglalandi o nasa estrus o standing heat kapag ito ay nagpapakita ng pagtanggap sa barako. Ang panahon ng paglalandi (heat period) ay nangyayari sa loob ng **limang (5) araw**.

Ang paglalandi (estrus) ay maaaring bumalik sa **ika-18 hanggang ika-21 na araw** mula sa huling pagsusumpit kapag ito ay hindi nabuntis. Kapag ito ay hindi na muling lumandi sa ika-18 hanggang 21 na araw, maaaring ito ay buntis na.

TANDAAN:

Sa ilalim ng normal na kondisyon, ang buntis na inahin ay hindi maglalandi. Ang paglalandi ay indikasyon na hindi ito buntis.

MGA PALATANDAAAN NG PAGLALANDI

Senyales	Pre-heat (bago maglandi)	Standing heat	Post-heat (tapos na ang paglalandi)
Reaksyon sa pag-diin sa likod	Malikot	Hindi gumagalaw	Malikot
Kondisyon ng Ari o Vulva	- Pulang-pula at namamaga - May konting likido na lumalabas sa ari	- Mamula-mula at mamamaga - Mayroong malagkit at maputing likido (mucus) na lumalabas mula sa ari	- Bumalik na sa natural na kulay ng ari - Wala nang pamamaga at likidong lumalabas sa ari
Kilos o Behavior	- Sumasampa sa ibang baboy - Hindi mapakali at alerto - Ihi nang ihi - Maingay sa loob ng kalungan	- Walang gana kumain - Pumapayag na siya ay sampahan ng ibang baboy - Kalmado	Bumalik na sa gana sa pagkain

KAILAN DAPAT SUMPITAN ANG DUMALAGA O INAHING NAGLALANDI?

DUMALAGA

Ang dumalagang baboy na nasa tamang edad (**7.5 – 8.0 buwan o 130 kg pataas na timbang**) ay maaari nang pakastahan. Kapag ganap na ang paglalandi o “standing heat”, **agad** semilyahan (first dose) at ulitin pagkaraan ng **walo (8) hanggang labindalawang (12) oras** para sa ikalawang dose.

INAHIN

Kung ganap na ang paglalandi, palipasin muna ang **8-12 oras** bago ito semilyahan para sa unang dose. Semilyahan ng ikalawang dose matapos ang 8-12 oras. Kung isang beses lamang sesemilyahan ang gagamitin, semilyahan **24 oras** pagkatapos ng “standing heat”.



MGA HAKBANG SA PAGSUSUMPIT

1.

Suriin sa umaga at hapon ang paglalandi ng baboy na nais semilyahan

2.

Iwasang maistorbo ang inahing nasemilyahan na sa loob ng 30 araw upang hindi ito matakot o ma-stress, na makapipigil sa maayos na paglalakbay ng semilya at buhay ng nabuong “embryo”.

3.

Ang “teaser boar” ay mainam na nasa harapan ng inahin/dumalaga upang magkaroon ng “nose-to-nose, fence-line contact” at magpakita ng senyales ng paglalandi ang inahin/dumalaga.

4.

Linisin ang paligid ng “ari” ng inahin/dumalaga bago isagawa ang pagsusumpit.

5.

Iwasang mahawakan ang dulo (spiral o foam) ng “catheter” bago gamitin upang maiwasan ang impeksyon.

6.

Dahan-dahang gisingin ang semilya sa pamamagitan ng paggalaw ng bote sa mosyong “otso” (8).

7.

Lagyan ng pampadulas (AI gel) o patakan ng semilya ang dulo (spiral o foam) ng “catheter” bago ito ipasok sa ari ng inahin / dumalaga.

8.

Hawakan ang “ari” o “vulva lips” at dahan-dahang ipasok ng pataas 45° ang “catheter” at iikot pakaliwa, hanggang sa hindi na ito naisusulong paloob.

9.


Alamin kung naka-lock na ang catheter sa pamamagitan ng marahang paghila.


10.

Ipasok ang dulo ng “semen bag” sa “end cap” o “connection part” at marahan itong alisin upang malayang makadaloy ang semilya.

11.

Diinan ang likod ng inahin/dumalaga habang isinasagawa ang pagsesemilya upang makatulong sa maayos na pagdedeposito ng semilya.





**ANG ATI-ITCPH AY HANDANG TUMULONG SA
MGA MAGBABABOY AT MGA NAIS MAGTAYO
NG BABUYAN SA PAMAMAGITAN NG:**

- Pagsasanay sa pag-aalaga ng baboy at sa iba't-ibang aspeto nito tulad ng Artificial Insemination, Waste Management, Feed Milling at Meat Processing.
- Pagpapayo at pakikipag-ugnayan.
- Paglilimbag ng mga polyeto at mga babasahin.
- Pagpapalawig ng mga ideya, kaisipan at isyu na may kinalaman sa industriya ng baboy.

Ang International Training Center on Pig Husbandry (ITCPH) ay isa sa mga sentro ng sanayan sa agrikultura na nasa ilalim ng pangangasiwa ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI). Itinatag ito taong 1985. Ito ang kaisa-isahang sanayan sa Pilipinas na tumutuon sa pag-aalaga ng baboy.

Ang gusali ng ATI-ITCPH ay matatagpuan sa Balintawak Road, Marawoy, Lipa City, Batangas.



ISO 9001:2015 CERTIFIED

Produced by ATI-ITCPH

Content by Technical Staff

Packaging by Information Services

Layout by Keishan Brent Azutillo



ISO 9001:2015 CERTIFIED

*Learning by doing... Do it the **#ITCPhway***

RUTH S. MICLAT-SONACO, DVSM

Center Director

ATI-International Training Center on Pig Husbandry

Marawoy, Lipa City, Batangas 4217 Philippines

TEL. Nos.: (+63) (43) 756-1987 / 1996 / 1997; Fax Nos.: (+63) (43) 756-1995

Mobile No. (+63) 917-728-9375

e-Extension Hotline: (+63) 917-775-9359

Email Address: records@atiitcph.com; itcphrecords@ati.da.gov.ph

Website: www.atiitcph.com

Your home away from home...



@InternationalTrainingCenterOnPigHusbandry



@atiitcph



@atiitcph



@atiitcph1985